# Kataga ng Buhay

**Disyembre 2021**

**“Pinagpala ka, sapagkat sumampalataya kang matutupad ang ipinasabi sa iyo ng Panginoon!”**
(Lucas 1:45)

Muli, sa buwang ito, naghahandog sa atin ang Kataga ng Buhay ng isang pagpapala. Ito ay ang masaya at masiglang pagbati ng isang babae sa kapwa babae: Ito ang sinabi ni Elisabet kay Maria na bumisita upang tulungan siya. Pareho silang nagdadalang tao, at bilang mga may malalim na pananampalataya, pareho nilang tinanggap ang Salita ng Diyos at naranasan ang kapangyarihan nitong lumikha sa payak nilang pamumuhay.

Si Maria ang pinakaunang pinagpala sa Mabuting Balita ayon kay Lucas: siya ang unang tao na nakaranas ng kakaibang kasiyahan sa pagiging lubos na malapit sa Diyos. Sa pagpapalang ito, ibinabahagi ng ebanghelista (manunulat ng Mabuting Balita) ang kanyang pagninilay sa ugnayan sa pagitan ng pinahayag na Salita ng Diyos at ng pananampalataya na tumatanggap dito, sa mas simpleng salita, sa pagitan ng kusang pagkilos ng Diyos at ng malayang pagtugon ng tao.

**“Pinagpala ka, sapagkat sumampalataya kang matutupad ang ipinasabi sa iyo ng Panginoon!”**

Si Maria ang tunay na nanampalataya sa “ipinangako…kay Abraham at sa lahi nito, magpakailanman.”[1] Ganoon na lamang ang kanyang paglimot sa sarili, at pagiging mapagkumbaba at bukas sa pakikinig sa Salita, na nagawang magkatawang-tao ng Salita ng Diyos mismo [si Hesus] sa kanyang sinapupunan at nakapasok sa kasaysayan ng sangkatauhan.

Walang ibang makararanas ng kakaibang pagiging ina ni Maria, ngunit maaari nating lahat tularan ang kanyang pagtitiwala sa pagmamahal ng Diyos. Kung buong puso nating tatanggapin ang Salita ng Diyos, ang mga pangako nito ay magkakatotoo rin sa atin at gagawing mabunga ang ating buhay bilang mamamayan, magulang, estudyante, manggagawa, o pulitiko, bata man o matanda, malusog man o maysakit.

Paano kung tulad ni Zacarias mahina at walang kasiguraduhan ang ating pananampalataya?[2] Patuloy pa rin tayong makaaasa sa awa’t tulong ng Diyos. Hindi Siya titigil na hanapin tayo hanggang muli nating matuklasan ang kanyang katapatan at pagpalain Siya.

**“Pinagpala ka, sapagkat sumampalataya kang matutupad ang ipinasabi sa iyo ng Panginoon!”**

Sa mismong mga burol ng Banal na Lupain (Israel), kamakailan lang, isa ring ina na may malalim na pananampalataya ang nagturo sa kanyang mga anak ng sining ng pagpapatawad at bukas na pakikipag-usap na natutunan niya sa Mabuting Balita. Isa itong munting patunay sa lupaing ito (kung saan umusbong ang unang sibilisadong lipunan), na noon pa man ay lagi nang naghahanap ng daan patungo sa kapayapaan at

katatagan maging sa mga tagasunod ng iba't ibang relihiyon. Ikinuwento ni Margaret, "Nasaktan kaming mga bata dahil sa di pagtanggap sa amin ng ibang batang kapitbahay namin. Sinabi ng aming ina na imbitahin namin ang mga batang iyon sa aming bahay. Sila'y binigyan niya ng bagong gawang tinapay na hinanda niya at sinabing iuwi nila ito sa kanilang pamilya. Simula noon, nagkaroon kami ng magandang pagkakaibigan sa kanila."[3]

Sinusuportahan din tayo ng tagapagtatag ng Focolare na si Chiara Lubich sa pagkakaroon ng isang magiting na pananampalataya. Sinulat niya, "Bukod kay Hesus, si Maria ang siyang marunong sumagot ng 'Oo' sa Diyos sa pinakamabuti at pinakamahusay na paraan. Ito ang pinagmumulan ng kanyang kabanalan at kadakilaan. Kung si Hesus ang Salita, ang Salitang nagkatawang-tao, si Maria naman ang Salitang isinabuhay dahil sa kanyang pananampalataya sa Salita [si Hesus], ngunit isa rin siyang nilalang na katulad natin, kapantay natin. ... Samakatuwid, gaya ni Maria, maaari tayong maniwala na ang lahat ng mga pangakong nakapaloob sa Salita ni Hesus ay matutupad, at kung kinakailangan, maging handa, gaya niya, na tawaging hangal sa mga pagkakataong hatid ng pagsunod natin sa Kanyang Salita. Malaki at maliit subalit palaging nakamamanghang bagay ang nangyayari sa mga naniniwala sa Salita. Maraming aklat ang mapupuno natin ng mga bagay na nagpapatunay dito. ... Kung sa araw-araw nating pamumuhay, sa pagbabasa natin ng Banal na Kasulatan, matagpuan natin ang Salita ng Diyos, buksan natin ang ating mga puso at makinig nang may pananampalataya na ang hinihiling at ipinapangako sa atin ni Hesus ay magkakatotoo. Hindi magtatagal at matutuklasan natin... na tinutupad Niya ang Kanyang mga pangako."[4]

**"Pinagpala ka, sapagkat sumampalataya kang matutupad ang ipinasabi sa iyo ng Panginoon!"**

Sa panahong ito ng paghahanda para sa Pasko, alalahanin natin ang nakamamanghang pangako Niya na manatili sa mga tumatanggap at nagsasabuhay ng kautusan ng tugunang pagmamahal: "Saan man may dalawa o tatlong nagkakatipon sa pangalan ko – sa pagmamahal ayon sa Mabuting Balita – naroon ako sa piling nila."[5]

Bunsod ng matibay na paniniwala sa pangakong ito, kumilos tayo upang muling ipanganak ngayon si Hesus sa ating mga tahanan at sa ating mga lansangan sa pamamagitan ng pagtanggap sa isa't isa, sa mataimtim na pakikinig sa isa't isa, at, tulad ni Maria at Elisabet, sa pamamagitan ng pagtanggap natin sa isa't isa bilang magkakapatid.

Letizia Magri

Each month the Focolare offers a Scripture passage as a guide and inspiration for daily living.

Distributed in Japan by Focolare :
www.focolare.org/en • www.focolare.org/japan
e-mail:tokyofocfem@gmail.com
Tokyo:03-3330-5619/03-5370-6424 • Nagasaki: 095-849-3812

1.Cf. Lucas 1:55
2.Cf. Lucas 1:5-25, 67-79
3.Cf. cittanuovatv (www.youtube.com/watch?v=wZq4p03N2mk) – Panayam kay Margaret Karram
4.C. Lubich, Kataga ng Buhay, Agosto 1999
5.Cf. Mateo 18:20